“COVID-19 Emergency Countermeasures”

(Marso 8 hanggang unang bahagi ng Abril)

～Layuning Wakasan ang 3rd Wave at Maiwasan ang muling Paglawak～

Mid-term Review (Extract)

Marso 23, 2021
Infection Measures Headquarters
Gifu Prefectural Government

Matapos tanggalin ang ‘state of emergency’, pinatupad naman ang “COVID-19 Emergency Countermeasures” sa prepektura noong Marso 5, at **patuloy na bumababa ang bilang ng mga bagong nahawaang tao at paggamit sa mga hospital beds.**

Gayunpaman, **hindi pa ito ganap na nawawala at ang 3rd Wave ay hindi pa natatapos.**

Sa ilalim ng mga sitwasyong ito, kinakailangang patuloy na maging alerto, na sugpuin ang impeksyon para sa layunin na "matapos ang 3rd Wave", at "maiwasan ang muling paglawak ng impeksyon". Kaya't magpapatuloy kami sa "Emergency Countermeasures" na nakatuon sa mga sumusunod.

Alinsunod dito, kung ang sitwasyon ng impeksyon sa Prepektura ay lumala at magiging katumbas ng Stage 3 ng Pambansang pamantayan, **susuriin agad ang countermeasures**.

① Pagpapalakas at masusing **screening ng "variant strains"**

② **Pagpapalawak ng “Preventive testing”**
- Kasalukuyang ipinapatupad para sa workers sa mga ‘home for the aged’ sa Gifu City. Sa hinaharap, papalawakin namin ang lugar at mga target na pasilidad at magtutuon ng pansin sa vaccine hanggang sa ito ay maipamahagi sa lahat.
- Sa hinaharap, papalawakin ang area para sa inspeksyon ng mga foreign pub, atbp. sa Kani City.

③ **Pagpapatupad ng pagbakuna/ vaccination**
- Nagsimula ng magkakasunod ibigay ang bakuna. Pagkatapos ng mga medical front liners, kasunod ang prioridad na matatanda, atbp.

④ **Pagtawag ng pag-iingat sa mga Yearly events (Start at End ng Fiscal Year) na may kainan at inuman**
- Ganap na pag-iwas sa mataas na risk ng impeksyon sa mga yearly events o parties tulad ng Farewell at Welcome Party, hanami atbp.